Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-5 NG DISYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat .............. | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 268-T'2001

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 124-T'2001 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 03-T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN NA ITINUTUGMA ANG GUGULING NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPUNG LIBONG PISO (P30,000.00) MULA SA PONDONG WALANG PINAGLALAANAN UPANG IDAGDAG SA CASH GIFT NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN.*

*SAPAGKAT,* ang halagang P30,000.00 mula sa 5% Reserved IRA at itinuring na savings ay itinugma at idinagdag sa Cash Gift ng mga kasapi ng Sangguniang Brgy. ng Bagumbayan;

*SAPAGKAT,* ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang bayan, lakip ang mga tagubiling nais na ipahatid sa ikaaayos ng badyet ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKAT,* anuman ang gawing paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 124-T'2001 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 03-T'2001 ng Sang. Brgy. ng Bagumbayan na itinutugma ang guguling na nagkakahalaga ng P30,000.00 mula sa pondong walang pinaglalaanan upang idagdag sa Cash Gift ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan